



De La Salle University-Dasmariñas
Cavite Studies Center
Historical scholarship. Relevance. Meaning.

GALEÓN

JULY 2020 Vol. 15 No. 4 15 pages

Official Newsletter of the Cavite Studies Center • DE LA SALLE UNIVERSITY-DASMARIÑAS


Envisioning an Independent Nation: Remembering the Katipunan in Time of Crisis



Ladislao Diwa,
Co-founder of the Katipunan



Deodato Arellano,
First President of the Katipunan



Andres Bonifacio,
Katipunan Supremo

On July 6, 1892, after the arrest of Dr. Jose Rizal and his eventual deportation to Dapitan, selected members of La Liga Filipina realized that the organization's efforts towards reform came to an end. Ladislao Diwa, Teodoro Plata, and Andres Bonifacio immediately constituted the first triangle ("Hasik"), to be later known as Katipunan. Since its inception on July 7, 1892, the chapters grew in number as people became acquainted with the teachings and objectives of the secret organization.

Before 1895, the organization already became a potent force that could wage enough damage to the Spanish government. In the secret meeting along the Ilog Bitukang Manok at Barrio Ugong, Pasig in May 1896, it was already proposed that an open war against the Spanish government be declared. This, however, was halted due to the suggestion that Dr. Rizal be consulted before any movement would take place. The following months saw the preparation of the Katipuneros for the eventual revolution. However, the organization was discovered in Tondo, Manila on August 19, 1896 which caused Bonifacio to call for a meeting at Pugadlawin on August 23, 1896. That meeting became the turning point in Philippine history because it ushered a new era of the Filipinos' quest for freedom. The Katipuneros, united in their spirit, tore their cedula and shouted their separation from Spain. The Philippine revolution was launched.

(continued on page 4)





Gen. Luis Malinis - Unsung Hero of Bacoor

Jose Andres L. Diaz, MD
President, Bacoor Historical Society

Little is known about Revolutionary General Luis Malinis in Bacoor, his hometown. His exploits as a revolutionist showed that he worked under Katipunan Supremo Andres Bonifacio in various battles in San Mateo, Montalban, Marikina, and Novaliches. He commanded the Balara troop and also joined famous Revolutionary leaders Mariano Llanera and Emilio Jacinto.

Luis like his father, Domingo "Tapyas" Malinis (a notorious Cavite "tulisanes" or "bandit") was also against reduccion and the oppressive hacienda system in Cavite. Both of them joined the Katipunan and underwent initiation, rituals, and oath that will give us some glimpse on the secret revolutionary society. Experiences as tulisans thus showed their leadership, fighting ability, and hatred against Spanish authorities. These proved to be good in the revolutionary struggle.

An incident featuring Malinis occurred after Bonifacio left Balara before heading to Cavite. A dispute followed between the two regarding the two biscuit cans (containing gold coins) which Malinis discovered, while digging defensive trenches in San Mateo. Malinis demanded his share of the treasure that was for the use of his troop; Bonifacio wanted to bring all to Cavite. Malinis stood his ground; they positioned their artillery pieces threatening Bonifacio. Upon the advice of Emilio Jacinto, they ended in sharing the treasure.

After Bonifacio left Balara, Gen. Malinis prepared for an attack in Novaliches; and he did so by the end of November 1896. In this battle, the Spaniards killed the brave general. His loss caused the collapse of the Balara troop.

Although history has not been kind to Gen. Malinis as vital information about him is so scarce, what astonishing is to know that the main road in Novaliches (formerly Novaliches-

Polo Road) is renamed after him. This only testifies that he played an important role in our history.

It is fitting to appreciate, recognize, and honor the celebrated and unfamiliar local heroes in the City of Bacoor. The ongoing Bacoor Heritage Program shall include the naming of a street in the City in honor of one of its greatest sons, Gen. Luis Malinis.

Sources:

Calairo, Emmanuel F. Kasaysayan ng Bacoor 1671-1900, Unang Aklat. Bacoor, Cavite: City Government of Bacoor, 2019.

Medina, Isagani. Cavite Before the Revolution. Quezon City: University of the Philippines Press, 2002.

Palmo R. Iya, PhD
Editor-in-chief

Editorial Board Members
Emmanuel F. Calairo, PhD
Chealyn J. Lleno
Neriza M. Villanueva

Mylene B. Delatado
Lay-out artist

Galeón is the official newsletter
of Cavite Studies Center

For comments, suggestions or contributions, contact

CAVITE STUDIES CENTER

Second Floor, Aklatang Emilio Aguinaldo-Main
De La Salle University-Dasmariñas
City of Dasmariñas, Cavite 4115
(02) 8779-5180- (046) 481-1900 to 30 loc. 3141



EDITORIAL



Emmanuel F. Calairo, PhD

Commissioner, National Historical Commission of the Philippines

Assistant Vice Chancellor for Research, De La Salle University-Dasmariñas

President, Cavite Historical Society, Inc.

The Katipunan of Andres Bonifacio in modern times is already a thing of the past. If a casual observer will be asked about the Katipunan, the probable answer would be a street name in Quezon City fronting the school of the Blue Eagles or even a street in front of the U.P. Town Center. This is because Katipunan as an organization in the 19th century is usually learned only as part of the discussion in a general education subject, in conferences, and other formal academic gatherings. Thanks to the National Historical Commission of the Philippines that Bonifacio's Katipunan was further popularized in commemorative activities.

However, one school stand out in valuing Bonifacio's Katipunan. At De La Salle University-Dasmariñas (DLSU-D), Katipunan's colorful saga is immortalized in its school premises. This serves as a gentle reminder for students, teachers, administrators, and visitors to remember the Katipunan's legacy. This was done by naming its buildings, halls, avenues, and gates in honor of the Katipuneros and their magnificent history. DLSU-D's gates were named after "Magdalo" (Gate 1), "Magdiwang" (Gate 3), "Magpuri" (Gate 2), and "Magtagumpay" (Gate 4). Magdalo and Magdiwang were both KKK provincial councils in Cavite while Magpuri and Magtagumpay were KKK town councils in Dasmariñas and Maragondon. Buildings like "Julian Felipe Hall" (College of Liberal Arts and Communication) honors the composer of the National Hymn, "Ladislao Diwa Hall" (College of Education) credits the founder of the Katipunan, "Felipe Calderon Hall" (College of Criminal Justice Education) honors the author of the Malolos Constitution, "Vito Berlamin Hall" (classroom building) "Francisco Barzaga Hall" (POLCA Building), "Placido Campos Avenue," and "Severino de las Alas Hall" (Alumni Building) honor the Katipuneros in Silang, Dasmariñas, and Indang respectively.

The library, "Aklatang Emilio Aguinaldo"



DLSU-D gate 1 - The Magdalo gate

(patterned after Aguinaldo's house in Kawit) honors the president of the first Philippine Republic. The 13 rooms of the library were named after the 13 Martyrs of Cavite. Aside from these, several structures such as the College of Tourism and Hotel Management (with façade patterned at *Hotel de Oriente* in Escolta), the administration building (patterned after the *Ayuntamiento* Building of Manila), the University Chapel (patterned after the Maragondon Church) and Museo de La Salle (*ilustrado* house) are all reminders of Philippine history during the Spanish colonial period. All these initiatives of DLSU-D prove that anyone can remember our history and our heroes in creative ways so that their legacies will be remembered in posterity. Alas, history therefore lies in the hands of the present generation which serves as a bridge between the past and the future.



(Envisioning... from page 1)

Although the Katipuneros had very poor weapons against the Spanish army, they still managed to plan attacks in various places in Manila and its environs on August 29, 1896. After a fierce battle in San Juan del



A Katipunero statue

Monte, the Katipuneros retreated to Balara up to the mountainous region of Montalban where they sought refuge.

In Cavite, the revolution was launched on August 31, 1896 involving the towns of San Francisco de Malabon (General Trias today), Noveleta and Kawit. The dramatic episodes were popularly known as “Agaw-amas” because the Katipuneros, with their *sibat* and

gulok, managed to snatch the rifles of the enemies. Subsequent battles ensued in various towns from September 1896 to March 1897 until the revolutionary government was constituted.

The saga of the Katipuneros during this one-sided battle against the Spanish army is worth remembering because it provides the Filipinos of today with a guide on how they will combat various challenges in life. The vision started by the Katipunan founders was very noble that it invited so many people



Emilio Aguinaldo, Teniente Abandonado
of Sangguniang Magdalo

to join the organization and to be counted in offering their lives to attain Philippine freedom from external control. This vision, though not supported by enough arms to battle the enemy, still moved people to put their lives at stake and even those of their loved ones just to collectively support a common cause which was political independence. This independence for them meant equality before the law, self-governance, economic opportunity, identity of their own, and pride to be called “Filipinos.”

(continued on page 11)



Ang mga Kabitenyero sa Katipunan*

Noong Hunyo 1954 ay kinilala ng National Historical Institute (NHI), ngayon ay National Historical Commission of the Philippines, ang nagawa ni Ladislao Diwa sa Katipunan sa pamamagitan ng paglalagay ng isang panandang pangkasaysayan. Ayon sa pananda, isa si Diwa sa mga nagtatag ng Katipunan noong Hunyo 6, 1892 kasama sina Andres Bonifacio at Teodoro Plata. Nang lumago ang unang “hasik” o “tatluhan” sa Katipunan, agad itong binago at nagkaroon ng pamunuan. Sa bagong pamunuan ay naging piskal si Diwa. Isa pang Kabitenyero na naging prominente sa Kataastaasang Sanggunian ng Katipunan ay si Roman Basa, ang ikalawang pangulo ng kilusan. Sa panahon ni Basa, itinatag ang sangay ng kababaihan sa Katipunan. Bukod sa dalawang ito ay marami pang naitalang sumanib na Kabitenyero sa kilusan bago pa man sumiklab ang himagsikan noong Agosto 1896. Mabilis na lumawak ang Katipunan sa mga bayan-bayan. Ang pagiging magkamag-anak sa asawa nina Andres Bonifacio at Mariano Alvarez ang dahilan kung kaya’t masasabing nalaman kaagad ng huli ang lihim na kilusan. Buwan ng Abril 1895 nang dumating sina Bonifacio, Emilio Jacinto, Dr. Pio Valenzuela, at Pantaleon Torres sa bayan ng Noveleta upang itatag ang sangguniang panlalawigan. Kanilang itinatag ang Sangguniang Magdiwang.

Sa kabilang dako naman, ang responsable sa pagtatatag ng balangay ng Katipunan sa bayan ng Cavite El Viejo (Kawit ngayon) ay si Hen. Emilio Aguinaldo. Ito'y nangyari nang ibunyag sa kanya ng kanyang kababatang si Santiago Alvarez (Hen. Apoy) ang tungkol sa lihim na kilusan. Ayon sa kanyang talambuhay:

“Isang masanghayang umaga nang tinutupad ko ang tungkulin sa Tribunal ng Cavite El Viejo, ay sa darating ang isang kababata ko at kaibigan na nangangalang Santiago Alvarez, anak ng Capitan Municipal sa Noveleta. Palibhasa’y magkaibigan kami at tapat na magkakasama, ay ibinunyag ko sa kanya ang hangad kong siya’y mapasapi sa Masonerya. Pagkatapos ng aking pagpapaliwanag sa kanya, ay sinabi niyang nagkataon na siya man ay mayroon ding gayong sadya sa akin, na dili iba’t kundi ang nauukol naman sa lihim na Kapisanan ng “KATIPUNAN.” Sapagkat ito’y talagang hinahanap ko na, ang pagniig namin, ay lalong nalubos at naging kasiya-siya.”

Ang pagkakasapi ni Emilio Aguinaldo sa Katipunan ang naging susi para sa mga taga-Cavite El Viejo na sumapi sa naturang kilusan. Kanyang niyakag na sumapi sa lihim na samahan ang kanyang kaibigan si Candido Tria Tirona, pinsang si Baldomero Aguinaldo, at sina Santiago Daño, Canuto Encarnacion, Raymundo Mata, Benedicto Llano, Silvestre Legaspi, at Tomas Aguinaldo.

(continued on page 11)



Panandang pangkasaysayan ng NHI
sa bayan anstral ni Ladislao Diwa

* Mula sa aklat ni Emmanuel F. Calairo, Cavite sa Digmaan: Kampanya ng mga Kabitenyero sa Pagkamat ng Unang Republika ng Pilipinas (Cavite: Cavite Historical Society, 2015).



Para sa Inang Bayan: Mga ambag ng mga kababaihan sa Unang Yugto ng Himagsikan sa Cavite



Neriza M. Villanueva
Publications Coordinator, Cavite Studies Center

Agosto 19, 1896. Pagkatuklas ng mga Espanyol sa Kataastaasang Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan, isang lihim na samahan na ang layunin ay maibagsak ang pamahalaang kolonyal ng mga Espanyol sa pagkakaroon ng inaasam na kalayaan.

Agosto 23, 1896. Inilunsad ni Andres Bonifacio ang paghihimagsik laban sa mga Espanyol. Sa panahong ito, pinagpupunit ng mga kasapi ng Katipunan ang mga sedulang sumisimbolo sa pagkalas sa mga dayuhang mananakop.

Agosto 31, 1896. Nagsimulang mag-alsa ang iba't ibang bayan sa lalawigan ng Cavite sa pangunguna ni Heneral Emilio Aguinaldo at ng iba pang katipunero/rebolusyonaryo.

Ang pagpupunyaging ipinakita ng mga rebolusyonaryong kalalakihan sa himagsikan sa Cavite ay nagbunga ng partisipasyon at pagpapamalas ng kabayanihan ng mga kababaihan sa nasabing lalawigan. Kilalanin natin ang ilan sa mga dakilang kababaihang ito ng Cavite.

Gregoria Patricio Montoya: ang bayani ng labanan sa Calero (labanan sa Dalahican)

Si Gregoria ang nanguna sa 30 kawal na Pilipino na nakipaglaban sa mga Espanyol sa tulay ng Calero noong Nobyembre 1896. Hawak ang isang bandila sa isang kamay at mahabang itak naman sa kabilal, tumayo siya sa ibabaw ng bateriya. Sa kasamaang palad, isang bala ng kanyon mula sa nabeong Espanyol sa baybayin ng Dalahican ang tumama sa kanyang katawan na naging sanhi ng kanyang pagkasawi.

Bago rito, bilang pinagktiwalaang komandante ni Heneral Aguinaldo, siya ay nakibahagi rin sa ilan sa mga mapanganib na misyon iniatisa sa kanya.

Ang bayani ng labanan sa Calero ay isinilang sa Tabon, Cavite el Viejo (Kawit) noong Nobyembre 28, 1863 sa mag-asawang Atanacio Montoya at Jacoba Patricio.

Marcela Marcelo Lugo: Selang Bagsik ng Pasong Santol.

Hindi taal na taga-Cavite si Marcela. Siya ay nagmula sa mayamang pamilya sa Malabay, Palanyag (Pasay).

Matapos na madakip ng mga guardia civil ang kanyang asawa, iniwan ni Sela sa kanyang kapatid ang nag-iisa niyang anak. Nagtungo siya sa Cavite upang makibahagi sa sumisiklab na himagsikan noong Agosto 1896.

Noong Marso 21, 1897, ipinamalas ni Sela ang kanyang bagsik – sandata niya'y itak lamang. Pinangunahan niya ang pangkat ng mga Pilipinong maghihimagsik. Sinalakay nila ang trinsera ng kalaban sa Pasong Santol kung saan siya ay nasawi.

Valeriana Elises Garcia: ang ginang na lumalaban

Si Valeriana ay ipininanganak sa Imus, Cavite sa mag-asawang Meliton Elises ng Tayabas at Anecia Palma ng Imus. Nagpakita siya ng lakas ng loob at dedikasyon sa adhikain ng bayan. Matiyaga siyang nakibahagi sa bawat labanang pinamunuan at kinabilangan ng kanyang asawang si Pantaleon Garcia, isang katipunero noong 1896.

Macaria Germino Tirona: ang ginang na mapagbigay

Si Macaria ay asawa ni Candido Tirona, ang rebolusyonaryong naging capitan municipal ng Cavite

(continued on page 9)



Featured Essay: LHCN Second Webinar Series (July 2020)

Locating the Magellan-Elcano Voyage in Palawan*

Michael Angelo A. Doblado
*Director, Palawan Studies Center
Palawan State University*

2021 marks the 500th year of the Philippine phase of the First Circumnavigation of the World led by Ferdinand Magellan. The people of Leyte, Cebu, Mactan, Bohol, and Butuan are proud and aware of the important roles their respective areas played in this momentous event. The case for Palawan is different, the expedition stayed for almost 66 days yet it is not manifested in the historical consciousness of the Palawenos. The main reason for this huge historical gap is that previous studies were not able to identify sites visited by the route.

This paper establishes old Aborlan, Espanola-Brookes Point Tagusao area, Bataraza, and Balabac as approximate Palawan landfall sites of the Magellan-Elcano voyage. The methods employed includes contextual analysis of primary sources such as Antonio Pigafetta chronicles, the Genoese pilot's log, and Francisco Albo's notes, comparison of extant maps and toponymy of Polauan during and after the expedition, field interviews to identify Palawan's old place names, and cross validation of coordinates provided using modern GPS applications.

Key Words: Polauan, Aborlan, Tegozzao, Tagusao, Buliluyan, Balabac

Introduction:

The expedition spent more than two months in Visayas and Mindanao. The mere mention of Samar, Homonhon, Cebu, Limasawa, and Mactan immediately brings to mind the fateful Philippine stage of Magellan's journey. These areas together with Bohol, Basilan, and Cagayan de Tawi-Tawi are generally circular shaped or rounded, medium and small sized islands making it easier for the expedition to chart rudimentary maps. On the other hand, Mindanao, Sulu, and Butuan, places also crossed are easily identifiable having retained their pre-hispanic original place-names mentioned initially by Pigafetta's accounts.

Discovering the Palawan stage of the journey raises topographical and historical issues. The first is geographical, since it is an elongated narrow island stretching diagonally 425 kilometers southwest to northeast bounded by the Sulu sea and West Philippine sea, its considerable length and constraints faced by the expedition prevented them from completely mapping it unlike smaller Visayan provinces. On the other hand, the north's unique features create two distinct clusters composed of Calamianes (Busuanga, Coron, Culion, and Linapacan) and the Agutaya, Cuyo, and Magsaysay island group located between Palawan and Panay. The question is, what Palawan island or island groups did the Spaniards sailed into? Presently mainland and northern areas are collectively recognized as province of Palawan but for purposes of clarity this paper submits that during pre-colonial and Spanish period were separate geographic and political units.

Another matter is oral tradition, a number of Palawenos heard tales the expedition sailing north anchoring in Puerto Princesa, Taytay, and Cuyo. Are these factually true? Narratives of alleged landings prevail among residents of these towns and provides a sense of pride, but so far cannot be officially declared by local governments since the claims are neither historically proven nor supported by extensive research.

This paper aims to identify approximate landfall sites of the Magellan-Elcano voyage.

* Abstract of paper presentation for The Local History Committees Network Webinar Series 2020 for July themed Philippine Historiography Part I, July 20, 2020, 9:00 a.m. - 12:00 nn. A Project of Cavite Studies Center, De La Salle University-Dasmariñas and National Historical Commission of the Philippines, Local History Committees Network.



Featured Essay: LHCN Second Webinar Series (July 2020)

Beyond the Pigafetta Account: Alternative Sources on Samar-Leyte Studies*

Rolando O. Borrinaga, PhD

University of the Philippines Manila, Palo, Leyte

and

George Emmanuel R. Borrinaga, PhD

University of San Carlos, Cebu City

The events that transpired during the first circumnavigation of the world from 1519-1522 is best known to global historiography through the account of Italian chronicler Antonio Pigafetta. He was one of only 18 out of an initial 270 crew members to complete the journey after a three-year ordeal which saw the death of the expedition's leader Ferdinand Magellan. Pigafetta's narrative remains the classic account from which all subsequent writings on the voyage were built on.

To celebrate the 500th anniversary of the voyage in 2021, several countries along the route the expedition took have organized and will organize commemorative events, both popular and academic, to remember the dramatic events of those years from the perspectives of the various peoples encountered by the expedition. Despite the abundance of literature on the Philippine episodes of that voyage, however, not much is known about the local perspectives of these world-shaping events.

This presentation focuses on the Samar and Leyte episodes of the Magellan-Elcano circumnavigation. It explores some of the alternative sources that might help shed light on how the local population saw the arrival of Magellan's fleet and how it was remembered in that locality in the following decades. It suggests that our contemporary knowledge of the voyage can be enriched by utilizing archaeological, linguistic, geographic, and ethnographic sources that complement the Pigafetta account and other European chronicles.

* Abstract of paper presentation for The Local History Committees Network Webinar Series 2020 for July themed Philippine Historiography Part I, July 20, 2020, 9:00 a.m. - 12:00 nn. A Project of Cavite Studies Center, De La Salle University-Dasmariñas and National Historical Commission of the Philippines, Local History Committees Network.

(Ang Relihyon... from page 10)

ng mga mananakop na Espanyol. Sa katunayan, marami sa mga kilalang Pilipinong doktor, abogado, at dalubhasa (gaya nina Jose Rizal, Pedro Paterno, at Trinidad Pardo de Tavera) ang nagsiwalat na ang relihiyon ng mga sinaunang Pilipino ay abante sa kanyang panahon. Matatagpuan sa sinaunang relihiyon na ito ang mga konsepto ng kosmopolitan na relihiyon, Kristiyanismo, Unibersal na Iglesia, Panteyismo, Espiritismo, Pilosopiya, teoryang Darwinian, mitolohiyang Griyego, at maging ideya ng siyentipikong rebolusyon.

Hindi ito nakapagtataka sapagkat bago pa man nasakop ng mga dayuhang Espanyol ang mga tao sa kapuluan, buo na ang kalinangang panrelihiyon ng mga Pilipino. Mataas na ang antas ng kanilang kabihasnan. Sila ay gumagawa na ng mga kanyon, pader, barko, sutla at tela, may sistema na ng pagsusulat, may sistema na- ng pamahalaan at pagbabatas. Mayroon na rin silang diplomatikong ugnayan sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya tulad ng Hapon, Tsina, Indonesia, at Malaysia. Ang mga Pilipino

noon ay maihalaintulad sa mga Hapones sa larangang pang-intelektwal. Ang mga Europeo at Amerikanong bilanggo ni Hen. Emilio Aguinaldo ay nagpatotoo nito. Maging ang Amerikanong admirال na si George Dewey ay nagpadala ng opisyal na mensahe sa pamamagitan ng kablegrama na ang mga Pilipino ay higit na may kakayanang pamahalaan ang kanilang pamahalaan kumpara sa mga Kubano.

Mismo ang Supremo ng Katipunan na si Andres Bonifacio, sa kanyang sanaysay na "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog," ang nagpatotoo na pawang kataksilan ang iginanti ng mga Espanyol sa kabutihan ng mga Pilipino. Sa halip na sila'y gisingin sa kagalingan at katwiran, sila'y binulag, hinawaan ng mga hamak na asal ng mga mananakop, at sinira ang mahal at magandang ugaling katutubo. Apela ni De los Reyes, "iminulat tayo sa isang maling pagsampalataya at isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng ating Bayan. Dahil dito, ang pagsasaayos at rekonstruksyon sa sinirang kalinangang kultural partikular na sa larang ng sinaunang paniniwala ng mga Pilipino ay nararapat lamang isagawa."



Featured Essay: LHCN Second Webinar Series (July 2020)

*Castellanes de Cavite**

Lino L. Dizon, PhD

Commissioner, National Historical Commission of the Philippines
Director, Tarlac Studies Center, Tarlac State University

The paper surveys Cavite's pre-provincial administrative history, under the nara or tutelage of its politico-military heads, called in the incipient years as the Castellanes de Cavite. It involves the transpiration and conjunction of events starting 1609, with the establishment of Fort San Felipe at then Cavite Puerto, the Initiation of the Galleon industry and trade, and the installation of its head — the said castellan or alcalde - to govern as well the surrounding encomiendas and pueblos, forming eventually the Cavite Province, until the exasperation of the Spanish colonial regime in 1898.

By providing microhistorical treatment of these early politico-military heads of Cavite and their functions, services and, in many instances, controversies, this publication's ultimate aim is to contribute in the documenting of provincial administrative history, especially in the still misty and mystified early colonial period.

* Abstract of paper presentation for The Local History Committees Network Webinar Series 2020 for July themed Philippine Historiography Part I, July 20, 2020, 9:00 a.m. - 12:00 nn. A Project of Cavite Studies Center, De La Salle University-Dasmariñas and National Historical Commission of the Philippines, Local History Committees Network.

(Para sa Inang Bayan... from page 6)

el Viejo na nakipaglaban sa mga Kastila at napatay sa Labanan ng Binakayan noong Nobyembre 10, 1896.

Noong panahon ng pakikidigma, si Macaria ay nagbukas ng kanilang bodega at namahagi ng bigas sa pamilya ng mahihirap na kawal na kusang loob na nakibahagi sa pagkasakop sa mga kuartel ng mga kastilang guardia civil at sa hacienda ng mga prayle sa Imus.

Hilaria del Rosario Aguinaldo: ang ginang na may malasakit

Hindi man baril, sibat, o gulok ang kanyang hawak, ang kanya namang kamay at puso ay para sa kapakanan ng mga kawal na nagtatanggol sa bayan.

Si Hilaria ang unang asawa ni Heneral Emilio Aguinaldo. Sa kanyang pangunguna, kasama ang iba pang kababaihan, ang tungkulin sa pagsasaayos at pamamahagi ng mga pagkain at mga gamot para sa kapakanan ng mga nasugatang mga kawal at pagtulong sa kanilang pamilya ang kanyang naging pangunahing

ambag. Dahil sa kanya, ang pagmamalasakitan at ang pagsasama-samang pagtugon sa iisang hangarin ay nagkaroon ng katuparan.

Bawat tao, lalaki man o babae ay may kanyakanyang katangiang nakapagpapatibay sa mithiin para sa Inang Bayan. Ang lakas, katatagan, kahinahunan, katapangan, oras, panalangin, hirap, sakit, pagkatalo, at tagumpay ay pagpapasalamat at pagkilala sa mga bayaning nag-alay ng buhay at pagkakataon upang maging bahagi ng ating kasaysayan.

Sanggunian:

Calairo, Emmanuel F. Cavite el Viejo: Kasaysayan. Lipunan. Kultura. Dasmariñas: Cavite Studies Center, De la Salle University- Dasmariñas, Cavite at Cavite Historical Society. 1998.

Unabia, Teresita P. Biographical Sketches of Cavite Revolutionists and Other Prominent Caviteños. Cavite: De La Salle University-Dasmariñas, 1996, p. 20.

<https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1471/today-in-philippine-history-march-21-1897-marcela-marcelo-died-in-the-battle-of-pasong-santol>

<https://www.univie.ac.at/Voelkerkunde/apsis/aufi/wstat/heroin.htm>





Ang Relihyon ng Katipunan

Palmo R. Iya, PhD

Director, Cavite Studies Center

Batay ang artikulong ito sa sanaysay ni Isabela de los Reyes na Teodicea Filipina na ayon sa kanya ay siyang naging sandigan ng relihiyon ng mga Katipunero na nakaugat mismo sa lumang paniniwala ng mga sinaunang Pilipino bago sila datnan ng Islam at Katolisismo. Tinawag din ito ni De los Reyes na ‘Mga Lumang Paniniwala ng mga Pilipino.’

Naniniwala ang mga sinaunang Pilipino sa isang Maykapal. Ang tinatawag na Diyos ng mga Espanyol ay katumbas ni “Bathala” sa mga Tagalog, “Boni” o “Apo” sa mga Ilokano, “Laon,” “Dia” o “Sidipa” sa mga Bisaya, “Abba” sa mga Limasana (Bisaya), at “Kabunian” sa mga Igorot. Napakamakapangyarihan niya at napakalayo ng kanyang rehiyon subalit nahahayag siya kahit saan; sa mga bibrasyon ng hangin, paggalaw ng lupa, sa araw na nagbibigay ng liwanag at nagpapataba sa kalupaan.

Maliban sa Makapangyarihang Diyos na si Bathala, pinaniniwalaan din ng mga sinaunang Pilipino ang kapangyarihan ng ibang mga Diyos na may mababang uri. Ito'y ang mga “anito” – ang espiritu o kaluluwa ng kanilang mga yumaong ninuno. Gayunpaman, para kay De los Reyes, hindi totoo na ang mga sinaunang Pilipino ay sumasamba sa mga buwaya at uwak bilang Manlalalang ng langit at lupa. Ni sila'y sumasamba sa mga bato, bangin, bahura, at bundok. Kanyang kinuwesyon din na ang paniniwala tungkol sa tikbalang, aswang, kapre, tiyanak, at iba pang supernatural na nilalang ay oriinal sa mga katutubong Pilipino.

Para sa mga sinaunang Pilipino, dalawa ang bahagi ng kanilang pagkatao: ang katawan (pisikal, materyal) at ang kaluluwa (espiritwal). Ang katawan ay ang panlabas na nakikitang anyo, ang kaluluwa naman ang panloob na anyong di-nakikita. Ang katawan ay may hininga, lakas, at pandamdam. Ang magandang kalagayan ng tatlong bagay na ito ang nagdudulot ng ginhawa sa tao, na siyang pinakabuod ng mga katangian ng katawan. Ang katawan ay humihina, nagkakasakit, nakakaranas ng karamdam, at namamatay. Ang kaluluwa ay hindi namamatay, bagkus ito ang bahaging tumatawid sa kabilang buhay. Ang kaluluwa, bilang buod ng buhay ay tinatawag sa ganitong pangalan habang nabubuhay pa ang tao. Kapag namatay ang tao at umalis na ang kaluluwa, iba na ang katawagan dito: Sa Ilokano – karkarma, a-alia, araria, at anioa-as ang espiritu ng namatay na bumabalik upang

dalawin ang kanyang bahay at ibang mahahalagang lugar. Sa mga Bisaya – tinatawag itong umalagad na nagsisilbing katuwang ng tao dito sa lupa. Sa mga Tagalog – anito ang tawag, kaluluwang gumagabay sa tao at pangunahin ay isang idolo na tinatawag ding bathalang katutubo.

Ang pagtingin sa mga mahal na yumao bilang anito ay binuhay ng mga Katipunero. Kilala si Hen. Artemio Ricarte na nagpatuloy sa lohika ng banal na paggalang sa mga bayani. Sa isang bagong astronomiya na sumilang sa Himagsikan, kanyang inilagay ang pangalan ng mga bayani sa konstelasyon ng mga bituin, tala at planeta. Nagkaroon ng konstelasyon na ipinangalan kina GOMBURZA (mga paring sekular na sina Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos, at Padre Jacinto Zamora) at sa mga unang ”hasik” ng Katipunan. Ayon kay Ricarte, tulad din ng mga mandirigmang kapag namatay ay nagtutungo sa langit, ang mga martir at bayani ng ating panahon ay walang kamatayan. Sila ang tatanaw sa mga nabubuhay na salinlahi upang pamayanihan ng kabutihan ang bawat isa at laging tanglawan ang bayan na hindi maligaw o mabagok sa paghahanap ng kaginhawahan.

Sa mga mito at alamat, maliwanag na ang mga sinaunang Pilipino ay may sarili at katutubong heograpiya at kosmolohiya. At sa kanilang katutubong kaalaman ay may mapa ng daigdig na ang bawat sulok at bahagi ay pinamamahayan ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat at mga banal at makapangyarihang anito/diwata na siyang tagapamahala at tagapag-alaga sa kalikasan at buong sanlibutan. Ang katutubong sanlibutang ito ay may tatlong antas o rehiyon: ang kaitaasan o langit, ang kaibabawan o lupa at ang kailaliman o dagat.

Ang inakdang ito ni De los Reyes hinggil sa relihiyon ng mga sinaunang Pilipino ay naglalayong muling buhayin ang Katipunan at ang kahusayan ng taal na kalinangang Pilipino. Nais ding ipakita na ang mga Pilipino ay hindi tunay na mga mangmang at barbaro gaya ng ipinangangalandakan

(continued on page 8)



(Ang mga Kabitenyo.. from page 5)

Nang dumaan ang mga buwan ay kinakitaan ng paglago ng kasapi ang balangay Magdalo kaya naisip ni Emilio Aguinaldo na gawing isang sanggunian ng Katipunan ang balangay Magdalo. Isang araw sa buwan ng Hunyo ay kanyang sinundo si Supremo Bonifacio sa Maynila upang itatag na sanggunian ang balangay Magdalo. Nagalak sa balita ang supremo kaya isinama pa niya sa kanyang pagtungo sa Cavite El Viejo sina Dr. Pío Valenzuela at Teodoro Gonzales, kapwa opisyal ng organisasyon. Ginanap ang reorganisasyon at nagkaroon ng halalan sa kamalig ng palay nina Emilio Aguinaldo. Nahalal na pangulo sa katatatag na sanggunian si Baldomero Aguinaldo kasama sina Candido Tria Tirona, Santiago Daño, Canuto Encarnacion, Raymundo Mata, at Angel Jani Jeorge.

Ang impluwensiya ng Sangguniang Magdalo at Magdiwang ay hindi lamang nasa bayan ng Cavite El Viejo at Noveleta kundi kumalat sa halos lahat ng bayang nasasakupan ng Kabite. Bago maganap ang Himagsikang 1896 ay lumaganap ang pag-anib at pagtatatag ng mga balangay ng Katipunan sa mga bayan ng Kabite. Upang maikubli ang aktibong pakikilahok ng mga bayan-bayan kung kaya napag-ayunan nilang bigyan ng pangalan sa Katipunan ang bawat bayan. Kadalasan, ang pangalang inilakip para sa bayan ay hinango mula sa pangalan ng balangay ng Katipunan sa bayang nabanggit.

(Envisioning...from page 4)

It was also worth noting that ordinary Filipinos, together with their families and friends, fought side by side with the Katipuneros without receiving any remuneration, enough food, and security for their lives and properties. They gave everything for the cause, even shedding their blood so that independence could be attained. Such was a crisis situation in Philippine history that eventually inspired Filipino unity, collective initiatives, and selfless service for our beloved nation.

Today, the Filipino nation enjoins everyone in combatting the effects of the COVID-19 pandemic. We are all at a loss on how to avoid the virus or even just to flatten the curve. Our national government, through the Inter-Agency Task Force, is already doing its best to control the situation. Health protocols such as social

Mga Taguri ng Bayan ng Kabite sa Katipunan

Bayan	Pangalan sa KKK
Noveleta	Magdiwang
San Francisco de Malabon (Gen. Trias ngayon)	Mapagtiiis
Rosario	Salinas
Santa Cruz de Malabon (Tanza ngayon)	Pangwagui
Naik	Magwagui
Maragondon	Magtagumpay
Ternate	Katua-tua
Indang	Walangtinag
Alfonso	Naghapay kay Alfonso
Cavite el Viejo (Kawit ngayon)	Mágdalo
Imus	Haligue
Bacoor	Gárgano
Pérez Dasmariñas (Dasmariñas ngayon)	Magpuri
Silang	Bagongsinag
Amadeo	Maypagibig

distancing, wearing of facemasks, and prohibiting large assemblies have been put in place. Also, the government is hugely challenged by the weakening economic system due to unemployment, scarcity of goods, and the shift to remote learning, to name a few.

More than one hundred years ago, our Katipunan forebears won their battles due to their unity and collective efforts to defeat the enemy. Today, this call for unity and collective effort is again knocking on our doorstep, telling us that we cannot win this fight alone. It has to be a collaborative effort of our national government, local government units, and the private sector to act as one and to heal as one. Let these values be a reminder to everyone that in our history, these values prompted the Filipino people to achieve their end as a nation.





The Local History Committees Network Webinar Series (2020-2021)

in solidarity with



Sustaining the Discourse on Philippine History and Culture During the Pandemic

JUNE 11

Kalayaan sa Panahon ng Pandemya
(In commemoration of Philippine Independence Day)



JULY 20

Philippine Historiography Part I
(In commemoration of the National Quincecentennial celebration of circumnavigation in the world)



AUGUST 19

Philippine Historiography Part II
(In observance of the History Month)



SEPTEMBER 16

Philippine Local Heritage Preservation
(In observance of the Nationalism Month)

OCTOBER 14

Spanish Influences in Cavite history and Culture
(In observance of Dia del Galeón)



NOVEMBER 18

Local Culture and Arts of Cavite
(In observance of the National Book Week)



DECEMBER 11

The Caviteño Religiosity



JANUARY 20

First Philippine Republic
(In commemoration of the First Philippine Republic)



FEBRUARY 17


In the Name of the First Philippine Republic
(In commemoration of the Philippine-American War)

**MARCH 17**

Life and Times of President Emilio Aguinaldo
(In commemoration of the Birth Anniversary of Emilio Aguinaldo)

**APRIL 21**

Remembering our World War II Veterans
(In commemoration of the Araw ng Kagitingan)

**MAY 26**

Philippine Heritage Issues: Questions and Challenges
(In observance of the National Heritage Month)

JUNE 11

19th Century Philippine Independence Campaigns
(In commemoration of Philippine Independence)

**JULY 02**

Jose Rizal and our National Identity
(In commemoration of the Founding of La Liga Filipina)



A project of the Cavite Studies Center, DLSU-D and the National Historical Commission of the Philippines Local History Committees Network

in collaboration with:

National Commission for Culture and the Arts
 Philippine Historical Association
 Kapisanan ng mga Bahay Saliksikan sa Bansa
 Center for Tarlaqueño Studies
 Palawan Studies Center
 Bacoor Historical Society
 Cavite Historical Society, Inc.



Thru: ZOOM / FB LIVE

RSVP/Limited to 100 participants only. For reservation, send message to Cavite Studies Center FB Page





THE LOCAL HISTORY COMMITTEES NETWORK WEBINAR SERIES (2020-2021)

Sustaining the Discourse on Philippine History and Culture During the Pandemic

WEBINAR ON PHILIPPINE HISTORIOGRAPHY PART I / JULY 20, 2020 9:00 A.M.-12:00 NN.

THRU: ZOOM/FB LIVE

RSVP/LIMITED TO
100 PARTICIPANTS ONLY
FOR RESERVATION
SEND MESSAGE TO
CAVITE STUDIES CENTER FB PAGE

A PROJECT OF THE
CAVITE STUDIES CENTER, DLSU-D
AND THE NATIONAL HISTORICAL
COMMISSION OF THE PHILIPPINES
LOCAL HISTORY COMMITTEES NETWORK

In solidarity with



Quincentennial
Commemorations
in the Philippines
Victory and Humanity • 1521-2021

Castellanes de Cavite 1

LINO L. DIZON, PHD

Director, Tarlac Studies Center
Tarlac State University

*Rediscovering the Palawan Route
of the Magellan-Elcano Voyage* 2

PROF. MICHAEL ANGELO A. DOBLADO

Director, Palawan Studies Center
Palawan State University

Beyond the Pigafetta Account: 3

Alternative Sources on Samar-Leyte Studies

ROLANDO O. BORRINAGA, PHD

University of the Philippines Manila

GEORGE EMMANUEL R. BORRINAGA, PHD

University of San Carlos

IN COLLABORATION WITH THE



NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS
PHILIPPINE HISTORICAL ASSOCIATION
KAPISANAN NG MGA BAHAY-SALIKSIKAN SA BANSA
CENTER FOR TARLAQUEÑO STUDIES
PALAWAN STUDIES CENTER
BACOOR HISTORICAL SOCIETY
CAVITE HISTORICAL SOCIETY, INC.



MANGA ARAL NANG KATIPUNAN NG MGA A.N.B

Ang kabuhayang hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim, kun di damong makamandag.

Ang gawang magaling na nagbubuhat sa pagpipita sa sarili, at hindi sa talagang nasang gumawa ng kagalingan, ay di kabaitan.

Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawang gawa, ang pagibig sa kapua at ang isukat ang bawat kilos, gawa't pangungusap sa talagang Katuiran.

Maitim man at maputi ang kulay ng balat, lahat ng tao'y magkakapantay; mangyayaring ang isa'y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda...; ngunit di mahihigtan sa pagkatao.

Ang may mataas na kalooban inuuna ang puri sa pagpipita sa sarili; ang may hamak na kalooban inuuna ang pagpipita sa sarili sa puri.

Sa taong may hiya, salita'y panunumpa.

Huag mong sasayangan ang panahün; ang yamang nawala'y mangyayaring magbalik; nguni't panahong nagdaan na'y di na muli pang magdadaan.

Ipagtanggol mo ang inaapi, at kabakahin ang umaapi.

Ang taong matalino'y ang may pagiingat sa bawat sasabihin, at matutong ipaglihim ang dapat ipaglihim.

Sa daang matinik ng kabuhayan, lalaki ay siyang patnugot ng asawa't mga anak; kung ang

umaakay ay tungo sa sama, ang patutunguhan ng inaakay ay kasamaan din.

Ang babai ay huag mong tignang isang bagay na libangan lamang, kundi isang katuang at karamay sa mga kahirapan nitong kabuhayan; gamitan mo ng buong pagpipitagan ang kaniyang kahinaan, at alalahinan ang inang pinagbuhata't nagiwi sa iyong kasangulan.

Ang di mo ibig na gawin sa asawa mo, anak at kapatid, ay huag mong gagawin sa asawa, anak, at kapatid ng iba.

Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangus ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagkaparing kahalili ng Dios, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa; wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking gubat at walang nababatid kun di ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan.

Paglaganap ng mga aral na ito at maningning na sumikat ang araw ng mahal na Kalayaan dito sa kaabaabang Sangkalupuan, at sabugan ng matamis niyang liwanag ang nangagkaisang magkalahi't magkakapatid ng ligaya ng walang katapusan, ang mga ginugol na buhay, pagud, at mga tiniis na kahirapa'y labis nang natumbasan.

Kung lahat ng ito'y mataruk na ng nagiibig pumasuk at inaakala niyang matutupad ang mga tutungkulin, maitatala ang kaniyang ninanasa sa kasunod nito.

Source: <http://www.kasaysayan-kkk.info/membership-documents/emilio-jacinto-katipunan-nang-manga-a-n-b---sa-may-nasang-makisanib-sa-katipunang-ito-the-kartilya>

